

LIGHT Reading

MGA TIP PARA MANATILING PRESKO AT MAGTIPIID NG KURYENTE


Ang paggamit ng mga air conditioner o heat pump para panatiliing presko ang iyong tahanan ay maaaring magdulot ng pagtaas ng iyong bill ng kuryente sa mga paraang malamang ay nais niyong iwasan. Narito ang ilang abot-kayang tip upang panatiliing presko ang iyong tahanan:




Bawasan ang init sa kusina. Ang pagluluto sa bahay, lalo na kapag ginagamit ang oven, ay maaaring gumawa ng maraming hindi kanais-nais na init. Ang microwave, pressure cooker, o crock pot, ay gagawa ng mas kaunting nasasayang na init, at gagawin nitong mas presko ang iyong kusina.




Mainam na gamitin ang mga nagagalaw na fan. Ang mga nagagalaw na fan at fan sa kisame ay hindi nagpapalamig sa isang lugar; sa halip, tinutulungan nilang maging mas komportable ang mga tao sa isang lugar sa pamamagitan ng pagpapagalaw ng hangin nang lampas sa balat. Sa katunayan, maaaring pataasin ng motor ng fan ang temperatura ng isang kuwarto at umuubos ito ng kuryente habang umaandar ito. Gamitin ang mga ganitong uri ng fan sa mga kuwartong may tao lamang.



Sabayan ang daloy ng hangin. Bagaman ang paggalaw ng hangin sa tahanan gamit ang mga nagagalaw na fan ay hindi nagpapalamig dito, magagawa ito ng paggalaw ng mainit na hangin palabas ng tahanan. Umaakyat ang mainit na hangin, kaya ang pagbukas ng parehong mababa at mataas na bintana ay makakapagpapasok ng malamig na hangin sa mga mababang bintana, at makakapagpalabas ng mainit na hangin sa mga mataas na bintana.



Mag-invest sa kahusayan. Mabuting oras ang tag-init para palitan o i-upgrade ang lumang sistema para sa pagpapainit sa isang bago at mahusay na teknolohiya ng heat pump. Nag-aalok ang City Light ng mga agarang diskwento sa mga kontratistang bumibili ng mga high-efficiency na heat pump mula sa iba't ibang mga lokal na distributor. Bumisita sa seattle.gov/appliances para matuto pa!



I-set ang iyong mga kontrol para sa mahusay na pagpapalamig Kung mayroon kang sistema ng heat pump, mag-set ng komportableng pinakamataas na temperatura na okay para sa iyo, at iwanan iyon sa setting na iyon. Gagamitin ng heat pump ang panloob na lohika nito para panatiliing presko ang iyong tahanan.



MGA DULUGAN PARA SA MGA CUSTOMER NA APEKTADO NG COVID-19

Narito ang City Light para tulungan ka sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Hindi puputulin ng utilidad ang kuryente dahil sa hindi pagbabayad ng iyong bill sa kuryente sa panahon ng emergency na ito.

Kung nahihirapan ka dahil sa pera, mangyaring makipag-ugnayan sa amin para makagawa tayo ng plano sa pagbabayad, sa pamamagitan ng pagtawag sa (206) 684-3000 o pagpapadala ng email 24/7 sa seattle.gov/utilities/about-us/email-question.

Makakakuha ng kumpletong listahan ng mga programa para sa tulong sa bill ng utilidad at iba pang dulugan ng komunidad sa <https://powerlines.seattle.gov/2020/03/18/covid-19-resources>.





SEATTLE CITY LIGHT AT COMMON ACRE, ISANG LUGAR PARA SA MGA POLLINATOR

Nakikipagsosyo ang City Light sa lokal na non-profit na The Common Acre sa isang hardin ng mga pollinator sa timog na bahagi ng Beacon Hill simula pa noong 2018. Ang lugar na ito ay bahagi ng Green Line ng utilidad, isang proyekto para sa pagpapanumbalik sa pamamagitan ng pag-alaga ng komunidad, na isinasagawa sa dinadaan ng mga kable ng kuryente sa pagitan ng mga substation sa Beacon Hill at Southwest Seattle.

Ang The Common Acre, kasama ang mga boluntaryo nito at iba pang mga kasosyo, ay nakapagtanim na ng mga katutubong halaman na sumusuporta sa mga pollinator, sa dalawang acre na dating may ginupit na damo lamang sa Green Line.

Nagsasagawa sila ng mga kaganapan para sa mga boluntaryo para magtanggag ng masasamang damo at maglagay ng pataba sa hardin. Ang site na ito ay bahagi ng "isang estratehiya para gumawa ng mga 'hub at spoke' ng mga pampublikong lupa na binigyan ng bagong layunin at pinapamahalaan ng komunidad, na maaaring maging 'grid' sa pamamagitan ng paggamit ng mamamayan at ekolohikal at kultural na pangako."

Nais pang matuto tungkol sa kamangha-manghang trabahong ito? Pumunta sa <https://commonacre.org/programs/the-green-line>.

ANG IYONG MGA BAGONG UTILIDAD LIVE NA ANG SELF-SERVICE SITE!

Nagagalak kaming ianunsiyo ang paglunsad ng bagong website para sa mga serbisyong utilidad ng Lungsod ng Seattle. Kabilang sa pinagandang website na ito ang grupo ng mga benepisyo upang mas mapabuti ang iyong karanasan bilang customer. Bukod sa mga umiiral na kakayahan kapag nag-online, kabilang sa mga karagdagang tampok ang:

- Madaling pag-sign up para sa pagsingil ayon sa budget
- Availability ng data sa pang-araw-araw na paggamit ng enerhiya para sa mga customer na may mga advanced na metro
- Pinahusay na mga instrumento para sa serbisyo sa customer



Magsimula sa myutilities.seattle.gov!

Tandaan: hihilingin sa mga customer na nagbabayad ng mga bill online gamit ang aming kasalukuyang sistema na baguhin ang kanilang password.



May mga tauhan ang **Seattle City Light** sa mga komunidad na ito na nagsisikap na magbigay ng maaasahang serbisyo:

- Arroyo/South Arbor Heights: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng lupa, vault, at poste ng ilaw upang palitan ang nalulumang impraestruktura;
- Chinatown-International District: pag-upgrade ng mga ilaw sa ilalim ng deck sa LED sa ilang mga freeway overpass;
- Delridge: pinapalitan ang mga luma nang poste ng utilidad, nakasabit na kable, at kagamitan upang makatulong sa pagpapahusay sa kasalukuyang sistema ng kuryente;
- Downtown Seattle: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng 4th Avenue at Stewart Street upang mapanatili ang pagkamaasahan ng kuryente;
- Teritoryo ng Serbisyo: pinapalitan ang mga luma nang poste ng utilidad sa buong lugar ng serbisyo ng utilidad para pabutihin ang kaligtasan at pagkamaasahan ng kuryente.

Hindi kompleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa seattle.gov/light/atwork upang magkaroon ng access sa aming mapa at matuto tungkol sa mga indibidwal na proyekto.



PANGKALIGTASANG TIP MULA SA ISANG EKSPERTO

"Gumagamit ng bintana o nagagalaw na yunit ng AC? I-tsek ang amperage (dami ng ampere) sa iyong yunit at kung saan mo ito balak isaksak. Maaaring magdulot ng sunog ang pag-overload ng outlet. Hindi ka kailanman dapat magpaandar ng higit sa isang yunit sa parehong circuit."



700 Fifth Avenue
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023

Mayroon ka bang mga tanong, komento, o mungkahi? Tumawag sa **(206) 684-3000**. Patnugot: Tony White, tony.white@seattle.gov

Available din ang newsletter sa Espanyol, Vietnamese, Chinese, Somali, Tagalog at Korean online, o tumawag sa **(206) 684-3000**.

